



PATNUBAY SA MISA



29 Abril 2018

Ika-5 Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay

Taon B

MANATILING KABAHAGI!

Sa sipi ng Ebanghelyo ngayon, sinabi ni Hesus, “Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga.” Di ito hamak na pagsasabi lamang, kundi isang magandang katunayan, pagkat sa ating binyag, tayo ay naging kabahagi niya. Salamat sa ating pagiging tunay na kabahagi ni Hesus, nalalasp natin ang kaligtasan ng Diyos at tayo’y nakapamumunga ng pagiging karapat-dapat sa bagong buhay sa kanya.

Maaari nating ipagdamdang ang pahayag ni Hesus na “wala kayong magagawa kung kayo’y hiwalay sa akin,” ngunit siyang katotohanan. Iyon lamang mga tumatanggap dito nang buong kababaang-loob at namumuhay nang alinsunod dito ang tanging nagtatamasa ng kagalakan ng pagiging mga anak ng Diyos, at may kayang mamunga nang sagana para sa buhay na walang hanggan.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Bagong awit ay ialay sa ating Poong Maykapal. Tanang bansa’y nakinabang sa kanyang kapangyarihan. Aleluya, s’ya’y idangal!

Pagbati

P –Ang biyaya ng ating Panginoong Hesuskristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikiisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B –At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P –Sa paghahanda natin para sa pagdiriwang ng mga Banal na Misteryo, alalahanin natin ang ating mga kasalanan at unawaing nakahahadlang ang pagkakasala sa ating buhay espirituwal. (*Manahimik saglit.*)

P –Panginoong Hesus, ikaw ay higit na dakila sa aming mga

puso, at alam mo ang lahat. Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Panginoong Hesus, lahat ng sumusunod sa iyong mga utos ay nananatili sa iyo at ikaw sa kanila. Kristo, kaawaan mo kami!

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P –Panginoong Hesus, ikaw ang puno ng ubas at kami ang mga sanga. Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B –Amen!

Papuri

B –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong

Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesuskristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesuskristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, kaming mga tinubos ay tunguhan mo ngayon sa iyong kagandahang-loob, upang sa pagsampalataya sa Anak mong si Kristo, makamtan ang kalayaan at pamana sa piling mo, sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Gw 9:26-31

Matapos magbagong-loob, di naging madali ang buhay para kay Pablo, ngunit pina-patnubayan siya ng Panginoon, gaya ng isinasaad sa siping maririnig nating ipahayag.

L— Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Noong mga araw na iyon: Pagdating ni Saulo sa Jerusalem, sinikap niyang mapabilang sa mga alagad doon. Ngunit ang mga ito ay takot sa kanya, at hindi makapaniwalang isa na siyang alagad.

Subalit isinama siya ni Bernabe sa mga apostol. Isinalaysay niya sa kanila kung paano napakita ang Panginoon kay Saulo at nakipag-usap dito nang ito'y nasa daan. Sinabi rin niyang si Saulo'y buong tapang na nangaral sa Damasco, sa pangalan ni Hesus.

At mula noon, si Saulo'y kasama-sama nila sa Jerusalem, at buong tapang na nangangaral doon sa pangalan ng Panginoon. Nakipag-usap din siya at nakipagtalo sa mga Helenista, kaya't tinangka nilang patayin siya. Nang malaman ito ng mga kapatid, dinala nila si Saulo sa Cesarea at pinauwi sa Tarso.

Kaya't naging matiwasay ang simbahan sa buong Judea, Galilea at Samaria. Ito'y tumatag at lumaganap sa tulong ng Espiritu Santo at namuhay na may pagkatakot sa Panginoon.

Ang Salita ng Diyos!
B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 21

B—Pupurihin kita, Poon, ngayong kami'y natitipon!

R. M. Velez

Pu-pu-ri-hin ki-ta, Po-on, nga-
yong ka-mi'y na-ti---ti---pon!

* Sa harap ng masunuring mga lingkod mong hinirang, ang handog na panata ko ay doon ko iaalay. Magsasawa sa pagkain yaong mga nagdarahop, aawit ng pagpupuri ang sa Diyos ay dudulog; buhay nila ay

uunlad, sasagana silang lubos. **B.**

* Sa dakilang Panginoon, ang lahat ay magbabalik, ang lahat ng mga lahi ay sasambang may pag-ibig. Mangangayupapang lahat ang palalo't mayayabang, ang lahat ng mga tao ay yuyuko sa Maykapal, ang narito sa daigdig na nilikhang mamamatay. **B.**

* Maging lahing susunod pa ay sasamba't maglilingkod, at mayroong mangangaral sa kanila tungkol sa Diyos. Sa lahat ng sisilang pa'y ganito ang ihahayag, "Sa hinirang niyang bansa ay Panginoon ang nagligtas." **B.**

Ikalawang Pagbasa 1 Jn 3:18-24

Ang buhay ng isang Kristiyanino ay inaasahang maging isang buhay ng pananampalataya at pagmamahal na isinasagawa. Sa ganito lamang kundisyon natin maaaring sabihing tumatalima tayo sa mga utos ng Diyos.

L— Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Juan

Mga anak, huwag tayong umibig sa pamamagitan ng salita o wika lamang. Ipakita natin ang tunay na pag-ibig sa pamamagitan ng gawa. Dito natin makikilalang tayo'y nasa panig ng katotohanan, at matahimik ang ating budhi sa harapan ng Diyos sakali mang tayo'y usigin niyon. Sapagkat ang Diyos ay higit sa ating budhi at alam niya ang lahat ng bagay.

Mga minamahal, kung hindi tayo inuusig ng ating budhi, panatag ang ating loob na makalalapit sa Diyos. Tinatanggap natin ang anumang ating hingin sa kanya, sapagkat sinusunod natin ang kanyang mga utos at ginagawa ang nakalulugod sa kanya.

Ito ang kanyang utos: manalig tayo sa kanyang Anak na si Hesus-kristo, at mag-ibigan, gaya ng iniutos ni Kristo sa atin. Ang sumusunod sa mga utos ng Diyos ay nananatili sa Diyos, at nananatili naman sa kanya ang Diyos. At sa pamamagitan ng Espiritung ipinagkaloob niya sa atin ay nalalaman nating nananatili siya sa atin.

Ang Salita ng Diyos!
B—Salamat sa Diyos!

Aleluya Jn 15:4a.5b

B—Aleluya! Aleluya!

Sa Poon ay manatili, siya'y sa atin lalagi. Mamungang maluwalhati.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Jn 15:1-8

Inilalarawan ng talinghaga ng puno ng ubas at ng mga sanga ang mahalagang kaugnayang namamagitan kay Hesus at sa atin. Binibigyang-diin din nito na dapat tayong mabuhay nang kaisa niya.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad:

"Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama ang tagapag-alaga. Pinuputol niya ang bawat sangang hindi namumunga; at kanya namang pinuputulan at nililinis ang bawat sangang namumunga upang lalong dumami ang bunga.

Nalinis na kayo sa pamamagitan ng salitang sinabi ko sa inyo. Manatili kayo sa akin at mananatili ako sa inyo. Hindi makapamumunga ang sangang hindi nananatiling nakakabit sa puno. Gayon din naman, hindi kayo makapamumunga kung hindi kayo mananatili sa akin. Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin, at ako sa kanya, ang siyang namumunga nang sagana; sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa akin. Ang hindi nananatili sa akin ay itatapon at matutuyo, gaya ng sanga. Ang gayong mga sanga ay titipunin at susunugin.

Kung nananatili kayo sa akin at nananatili sa inyo ang mga salita ko, hingin ninyo ang inyong maibigan, at ipagkaloob sa inyo. Napararangalan ang Ama kung kayo'y namumunga nang sagana at sa gayo'y napatutunayang mga alagad ko kayo."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa

kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Sa binyag, tayo’y naging kaisa ni Hesukristo at naging kabahagi ng kanyang banal na katawan. Siya ang puno ng ubas, at tayo ang mga sanga. Ang buhay natin ay depende sa ating panatiling kaisa niya. Kaya nga, lubos na nananalig na tayo’y manalangin:

B—**Bukal ng aming buhay, dinggin mo kami!**

* Nawa ang Simbahan ay lagging maging malagong punong namumunga ng kabanalan, kata-rungan, at kapayapaan. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat ng binyagan ay manatiling kaisa ng Panginoon sa pamamagitan ng pamumuhay alinsunod sa mga turo at pagpapahalaga ng Ebanghelyo. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat ng mga tapat na laiko ay manatiling kaisa ni Hesus sa pamamagitan ng paghahandog ng kanilang pang-araw-araw na gawain at taimtim na panalangin. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat ng nagkokomunyon ay lumakas sa kanilang paki-kiisa kay Hesus sa pamamagitan ng buhay-paglilingkod sa kanilang kapwa. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat ng nasa bingit na ng kamatayan ay manatiling nakakapit kay Hesus bilang tangi nilang bukal ng buhay at kaligtasan. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P—Panginoong Hesus, lubos na nananalig sa tulong ng iyong

biyaya, muli kaming matibay na nangangakong talikdan ang anumang maglalayo sa amin sa iyo at sa aming kapwa. Panatilihin mo kaming kaisa mo kung paanong ikaw ay kaisa ng Ama at ng Espiritu Santo magpakailanman.

B—**Amen!**



P—Manalangin kayo . . .

B—**Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, sa paghahain ng banal na pagpapalitan ng iyong mga kaloob at ng aming alay, kami’y pinapagsasalo mo sa iyong buhay na namumukod-tangi at walang kapantay. Ipagkaloob mong ang aming pakikinabang sa iyong pakikisamang aming maaasahan ay siya ring umiral sa aming pamumuhay araw-araw, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—**Amen!**

Prepasyo ng Pagkabuhay II

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatang ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Sa paghahain ng sariling buhay at sa pagkabuhay ng Anak mong mahal, nabuksang ganap ang iyong tahanan at kaming pinaghaharian mo’y naging kasambahay. Sa pagkamatay niya sa krus, nalupig ang kamatayan. Sa kanyang pagkabuhay, naging buhay siya ng tanan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—**Santo, santo, santo . . .**

Pagbubunyi

B—**Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon**

PAKIKINABANG



B—**Ama namin . . .**

P—**Hinihiling namin . . .**

B—**Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B—**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P—Ito si Hesus, ang bukal ng ating buhay, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—**Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Ako ang puno ng ubas, kayo’y aking sangang lahat. Ang manatiling matapat, magbubunga nang marapat. Aleluya sa Mesiyas!

Panalangin Pagkapakinabang

P—Ama naming mapagmahal, manatili kang kapiling ng iyong sambayanan na gayo’y pinapakinabang mo sa iyong sariling buhay at gawin mong kami’y pasulong na makahakbang mula sa dati naming pagkamakasalanan patungo sa pagbabagong nagdudulot ng iyong kabutihan, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—**Amen!**

PAGWAWAKAS



P—**Sumainyo ang Panginoon.**

B—**At sumaiyo rin!**

P—**Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik saglit.)**

Mabuhay nawa sa inyo ang Panginoon at palakasin kayo ng Kanyang biyaya. Tulungan Niya nawa kayong manatiling malapit sa Kanya sa panalangin at pagkalooban nawa kayo ng tunay na pagmamahalan.

B – Amen!

P – Tulungan Niya nawa kayong maging tapat sa Kanya nang buong puso at pagindapatin kayo sa Kanyang mga pangako.

B – Amen!

P – Gawin nawa kayo ng Panginoong mga kasangkapan ng pakikipagkaisa at pagkikipagtulungan sa inyong mag-anak at lipunan.


B – Amen!

P – Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P – Tapos na ang Misa. Huma-yo kayo sa kapayapaan ni Kristo.

B – Salamat sa Diyos!



Ang pagsasalaysay sa komiks ng mga Pagpapakita ni Maria sa Fatima sa Filipino manga style.

Karagdagan:

- isang bahagi ng pagdodokumentaryo ng mga Mensahe at Lihim ng Fatima,
- sa *Alliance of Billions of Hearts* at
- sa debosyon sa Unang Limang Sabado

Mabibili na ngayon sa
Word & Life Publications
#894-5401/02 o 894-5241

MGA SANGA NG MABUNGANG PUNO

A ng pahayag na “Wala kayong magagawa kung kayo’y hiwalay sa akin” ay tunay na hungkag o maaaring ipagdamdandam kung maririnig sa pinakasikat mang pinuno. Gayunman, kung galing kay Hesus, aaminin nating ito’y sadyang totoo. Sa katunayan, sa ating buhay espirituwal, lubos tayong umaasa sa kanya. Kung paanong ang Diyos ang siyang tanging bukal ng biyaya, gayundin ang katauhan ni HESUKRISTO ang siyang bukod-tanging “daluyan” ng banal na biyayang umaabot sa atin. Kung paanong wala tayong ibang mga bukal ng buhay, maliban sa Dakilang Lumikha, gayundin wala tayong “iba pang paraan” ng pag-abot sa Kanya at pagtamasa ng kasaganaan ng Kanyang mapagligtas na pagmamahal, maliban sa pamamagitan ni Kristong tanging Tagapagligtas ng sangkatauhan. Siya lamang ang tanging Tagapamagitan. (*Sangguniin 1 Tim 2:5.*)

Lahat ng ibang alam nating “daluyan ng biyaya” – ang Simbahan, ang mga Sakramento, ang Bibliya, si Mariang kabanal-banalan at iba pang mga santo ay pawang “pumapangalawang daluyan” lamang. Ang mga ito’y mabisa dahil lamang kay Kristo. Hango ang mga ito sa kanya at tunay na papunta sa kanya.

Kabahagi tayo ng buhay ng Diyos sa pakikiisa natin kay Hesus. Ang ganitong uri ng pakikiisang nagbibigay-buhay ay nagsimula sa bautismo, nang tayo’y naging bahagi niya – mga sangkap ng kanyang Katawan, at sa gayo’y nagsimula ring magtamo ng mga bunga ng kanyang pagpapakasakit, kamatayan, at muling pagkabuhay. Sa kanyang pakikiisa sa atin, siya’y nagdusa at namatay. Ang atin namang pakikiisa sa kanya ay nagbubunga sa atin ng kaligayahan at kaligtasan. Gayon ang mahalagang kahulugan ng ating pagiging mga sanga ng mabungang punong walang iba kundi si Hesus.

Ngunit ang pakikiisa natin kay Hesus ay maaaring masira dahil sa ating kahinaan. Nasisira nga ito kapag tayo’y nagkakasala. Kailanma’y di ito dapat mangyari. Sa halip, dapat nating pagsikapan di lamang tuwinang manatiling kaisa ni Hesus, kundi sa katunaya’y patuloy na nagsisikap sa pagpapalago nito sapagkat ang gayong pakikipag-isa ay dapat na laging buhay. Tawag natin dito’y KOMUNYON, at dulot nito ay pananatili niya sa atin, at pananatili natin sa kanya. (*Sangguniin Jn 15:4.*) Maaaring maganap ang isang tunay na komunyong sa mga malayang tao lamang, nakaugat sa tapat na pagpapahalaga at lubos na pagtanggap sa isa’t isa at nabubuhay sa pagmamahal na di makasarili.

Ang pagpapanatili at paglago ng ating pakikiisa sa ating Panginoong Hesus ay maaari sa isang kundisyon lamang: na tayo’y sumunod sa kanyang mga utos. (*Sangguniin 1 Jn 3:24.*) Saka mamumunga nang sagana ang bagong buhay na dulot ng muling pagkabuhay ni Hesus, lalo na ang mga bunga ng kapayapaan at tunay na pag-ibig sa kapwa na naipahahayag “sa gawa at katotohanan at di lamang sa salita” (*1 Jn 3:18,19*). Saka natin malalapas ang pananahan ng Espiritu sa atin, tulad ng mga miyembro ng pamayanang apostoliko (*sangguniin Gw 9:31, at 1 Jn 3:24*), at patuloy nating mapatutunayan ang kapangyarihan ng Muling Pagkabuhay ni Kristo. (*Sangguniin Fil 3:10.*)



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco and T. Mojica • Circulation: R. Saldua